

Lungsod ng Sonoma

Polisiya sa Pagpapasara ng Serbisyo sa Tubig

1. LAYUNIN

Ang layunin ng polisiyang ito ay magtatag ng mga panuntunan para sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

2. POLISIYA

2.1 Mga Kahulugan

Para sa layunin ng polisiyang ito, ginagamit ang mga sumusunod na kahulugan:

2.1.1 Ang “pantahanang serbisyo” ay nangangahulugang ang serbisyo ng tubig sa isang koneksiyong pantahanan na kabilang ang mga tirahang pang-isahang pamilya, tirahang pangmaramihang pamilya, at mga mobile home.

2.2 Pagiging Angkop

Alinsunod sa State of California Water Shutoff Protection Act (Senate Bill No. 998), ang Lungsod ng Sonoma (ang “Lungsod”) ay nabuo na ang nakasulat na polisiyang ito tungkol sa pagputol ng pantahanang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad (pagkatapos nito ay tinutukoy bilang ang “Polisiya”). Ang polisiyang ito ay inilalarawan ang mga pamamaraang administratibo ng Lungsod para sa koleksyon ng mga di-nababayarang account, kabilang ang mga pagbibigay-alam, pagtatakda ng bayad at pagputol ng serbisyo.

3. MGA PANGANGAILANGAN

3.1 Nakasulat na Polisiya

Ang Polisiya ng Pagsasara ng Serbisyo sa Tubig (Water Shutoff Policy) ay makukuha sa English, mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Civil Code, at ang anumang iba pang wikang ginagamit ng hindi bababa sa sampung (10) porsiyento ng mga tao na naninirahan sa lugar ng serbisyo nito. Ang Polisiya ay makukuha sa internet website ng Lungsod at isasama ang sumusunod:

3.1.1 Mga Pagsasaayos ng Alternatibong Pagbabayad

Ang Lungsod ay mag-aalok ng pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad sa sinumang kustomer na tumutugon sa mga pamantayang inilarawan sa mga Seksiyon 3.6.1.1 at 3.6.1.2 ng Polisiyang ito. Ang Lungsod, sa mag-isang pagpapasiya nito, ay maaaring mag-alok ng pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad sa sinumang iba pang humihiling na kustomer. Ang Lungsod ay maaaring pumili kung alin sa mga pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad ang iaalok sa kustomer at maaaring magtakda ng mga karaniwang masusukat ng opsiyong iyon sa pagbabayad, kabilang kung ang kustomer ay kinakailangang lumagda sa isang nakasulat na kasunduan. Ang mga kustomer ay hindi aalukin ng pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad habang nasa ilalim sa gayong pagsasaayos. Kabilang sa mga pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad ang:

3.1.1.1 Plano para sa pansamantalang pagpapaliban ng mga pagbabayad

Maaaring mag-alok ang Lungsod ng palugit sa takdang petsa ng pagbayad para sa hindi nabayarang mga singil sa kustomer. Ang palugit

sa pagbabayad ay hindi maaaring lumampas sa takdang petsa ng pagbayad ng susunod na pahayag ng singilin. Ang kustomer ay maaaring hindi humiling ng isa pang pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad ng anumang hindi nabayaranang mga singilin habang nagbabayad ng mga di-nababayaranang singil alinsunod sa isang plano ng pagpapaliban. Ang pagkabigong sumunod sa plano ng pagpapaliban ay maaaring magresulta kaagad sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig sa susunod na araw ng trabaho nang walang dagdag na paunawa, maliban kung ang kustomer ay sakop ng Seksiyon 3.6 ng Polisiyang ito. Ang mga kustomer ay limitado sa isang (1) plano ng pagpapaliban sa loob ng labindalawang (12) buwan na panahon.

3.1.1.2 Amortisasyon ng hindi bayad na balanse

Ang Lungsod ay maaaring mag-alok ng pagsasaayos ng amortisasyong pagbabayad. Ang hindi bayad na balanse ay huhulugan sa isang tinukoy na tagal ng panahon, na pangkalahatang hindi lalampas sa tatlong (3) buwan. Ang mga amortisasyong pagbabayad ay sasailalim sa takdang petsa ng pagbayad sa regular na buwanang pahayag ng singilin ng kustomer. Dapat sumunod ang kustomer sa mga tadhana ng plano ng amortisasyon bilang karagdagan sa pagbabayad ng lahat ng kasalukuyang singil habang nadaragdag ang mga ito sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Ang pagkabigong sumunod sa mga tadhana ng plano ng amortisasyon, kabilang ang pagkabigong magbayad sa ilalim niyon kapag dapat bayaran, ay maaaring magresulta kaagad sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig sa susunod na araw ng trabaho nang walang dagdag na paunawa, maliban kung ang kustomer ay sakop ng Seksiyon 3.6 ng Polisiyang ito. Ang mga kustomer ay limitado sa isang (1) plano ng amortisasyon sa loob ng dalawampu't apat (24) na buwang panahon.

3.1.2 Pormal na mekanismo para sa kustomer na tumutol o umapela sa isang pagsingil

Ang mga apela ay dapat nakasulat sa mga pormularyo na itinakda ng Lungsod at dapat matanggap ng Lungsod sa loob ng labinlimang (15) araw ng petsa ng pagsingil. Ipagbibigay-alam sa kustomer ang pagpapasiya ng Lungsod sa apela nang nakasulat. Ang mga apela ay pamamahalaan ayon sa inilarawan sa seksiyon 13.04.080 ng Sonoma Municipal Code.

Ang pagkabigong maghain ng napapanahong apela ay maggagawad sa huling desisyon bilang pinal. Ang Lungsod ay hindi puputulin ang pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela. Ang Kustomer ay dapat magpatuloy sa napapanahong pagbabayad ng lahat ng halagang hindi pinagtatalunan na dapat bayaran sa panahon ng proseso ng apela.

3.1.3 Kontak na impormasyon para sa kustomer upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

Ang Finance Department ay maaaring kontakin sa (707) 933-2244. Ang alternatibong kontak na impormasyon at mga oras ng operasyon ay makikita sa website ng Lungsod ng Sonoma, www.sonomacity.org.

3.2 Takdang Panahon at Pagbibigay-alam ng Pagputol ng Serbisyo

3.2.1 Ang Lungsod ay hindi puputulin ang pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hangga't ang bayad ng kustomer ay hindi naging atrasado ng hindi bababa sa animnapung (60) araw pagkatapos ng takdang petsa ng pagbayad sa singilin.

3.2.2 Hindi bababa sa pitong (7) araw ng trabaho bago ang pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, ang Lungsod ay kokontakin ang kustomer tungkol sa account sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa.

3.2.2.1 Ang nakasulat na paunawa ng pagiging atrasado sa pagbabayad at ang nalalapit na pagputol ng serbisyo ay ipapadala sa kustomer sa pamamagitan ng koreo doon sa tirahan kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo. Ang paunawa ay ipapadala sa mailing address na itinalaga sa account ng kustomer. Ang Lungsod ay hindi responsable para sa hindi natanggap sa koreo.

3.2.2.2 Kung ang mailing address ng kustomer ay hindi ang address ng pantahanang serbisyo, ang kopya ng nakasulat na paunawa ay ipapadala sa address ng serbisyo, na nakapangalan sa "Naninirahan". Isasama sa paunawa ang sumusunod:

- Pangalan at address ng kustomer.
- Ang halaga ng nakaraang dapat bayaran.
- Huling araw ng pagbabayad upang maiwasan ang pagtatapos ng serbisyo.
- Paglalarawan ng proseso upang mag-aplay para sa pagpapalugit ng panahon na mabayaran ang mga dinababayarang singilin.
- Paglalarawan ng pamamaraan kung saan ang kustomer ay maaaring humiling ng isang pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad alinsunod sa Seksiyon 3.1 ng Polisiyang ito.
- Paglalarawan ng pamamaraan upang magpetisyon para sa pagsusuri ng singil at apela.
- Numero ng telepono ng Lungsod at ang web link sa Polisiyang ito.

3.2.2.3 Kung ang nakasulat na paunawa ay ibinalik ng koreo bilang hindi magawang ihatid, ang Lungsod ay gagawa ng matapat na pagsisikap para bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng paunawa, sa isang kapansin-pansin na lugar, ng nalalapit na pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad at ng isang kopya ng nakasulat na polisiya sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi

pagbabayad.

3.2.2.4 Ang bayarin (at iba pang umiiral na mga bayarin) para sa pagputol (“pagsara”) / muling pagkabit (“pagbukas”) ng serbisyo sa tubig para sa mga oras na walang operasyon at mayroong operasyon ay naitatag na sa pamamagitan ng resolusyon at makikita sa iskedyul ng bayarin sa Lungsod (UT-02).

3.2.2.5 Kapag nakumpleto ng Lungsod ang mga hakbang na nakabalangkas sa polisiyang ito at naputol ang pantahanang serbisyo sa tubig ng kustomer, ang Lungsod ay hindi mag-aalok ng anumang pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad gaya ng pagpapaliban o amortisasyon na pagbabayad sa hindi binayang balanse.

3.3 Pagputol ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig Kaugnayan ng Nagpapaupa-Umuupa

3.3.1 Pantahanang Serbisyo na May Indibiduwal na Metro:

3.3.1.1 Kung ang pantahanang serbisyo na may indibiduwal na metro ay ipinagkakaloob sa mga naninirahan sa isang hiwalay na tirahang pang-isang pamilya, istruktura ng maramihang yunit na tirahan, mobile home park, o permanenteng istruktura ng tirahan sa isang kampo ng paggawa, at ang may-ari, manedyer, o operator ng gayon ay ang kustomer sa talaan, ang Lungsod ay gagawin ang bawat matapat na pagsisikap upang ipagbigay-alam sa mga naninirahan sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ng pagtatapos, kapag ang account ay may nakaraang dapat bayaran, ang serbisyong iyon ay tatapusin.

3.3.1.2 Ang nakasulat na paunawa ay ipagbibigay-alam sa mga naninirahan na may karapatan silang maging isang kustomer, na sisingilin pagkatapos para sa serbisyo, nang hindi kinakailangang magbayad ng anumang halaga na maaaring dapat bayaran sa dinababayaran account.

3.3.1.3 Ang paunawa ay magbibigay ng kontak na impormasyon para makontak ang mga naninirahan upang ayusin na maging mga kustomer. Ang naturang mga naninirahan ay dapat handang sumang-ayon sa mga tadhana at kondisyon ng serbisyo ng Lungsod, at anumang iba pang gayong pangangailangan.

3.3.1.4 Kung ang pag-aari ay nasa katayuan ng “pagputol” ng serbisyo, ang bagong kustomer ay kakailanganing magbigay ng isang kasunduan ng pagpapaupa o iba pang katibayan ng legal na pagtira sa Lungsod bago magpatuloy sa pagkilos.

3.3.2 Pantahanang Serbisyo na Gamit ang Master-Meter:

3.3.2.1 Para sa pantahanang serbisyo na gamit ang master-meter, ang Lungsod ay gagawa ng matapat na pagsisikap upang ipagbigay-alam sa mga naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ng

pagtatapos, na ang account ay may nakaraang dapat bayaran at tatapusin ang serbisyo sa petsa na tinukoy sa paunawa.

3.3.2.2 Ang paunawa ay dapat tukuyin kung ano ang kinakailangang gawin ng mga naninirahan upang maiwasan ang pagtatapos ng serbisyo o muling pagtatatag ng serbisyo; ang kinakailangang buwanang halaga ng serbisyo; ang posisyon, address at numero ng telepono ng kinatawan ng Lungsod na makakatulong sa mga naninirahan sa patuloy na serbisyo; at ang address o numero ng telepono ng proyekto ng isang kuwalipikadong legal na serbisyo na nirekomenda ng lokal na bar association ng county.

3.3.2.3 Kung hindi ito makatwiran o praktikal na ipaskil ang paunawa sa pintuan ng bawat yunit, ang Lungsod ay ipapaskil ang dalawang (2) kopya ng paunawa sa bawat madaling puntahang lugar na panlahat at sa bawat punto ng pagpasok sa istruktura o mga istruktura. Ang paunawa ay ipagbibigay-alam sa mga residente na mayroon silang karapatan na maging mga kustomer ng Lungsod nang hindi kinakailangang magbayad ng halagang dapat bayaran sa di-nababayarang account; sa kondisyon, gayunman, na ang mga naninirahan ay sumasang-ayon sa mga tadhana at kondisyon ng serbisyo ng Lungsod at iba pang mga pangangailangan.

3.3.2.4 Hindi magagamit ng mga naninirahan ang serbisyo maliban kung ang bawat naninirahan ay sumasang-ayon sa mga tadhana at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa mga pangangailangan ng batas at ang mga alituntunin at taripa ng Lungsod. Gayunman, kung isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kaya na akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung may isang pisikal na paraang legal na magagamit ng Lungsod na piliin ang pagtatapos ng serbisyo sa mga naninirahan na nakatugon sa mga pangangailangan ng mga alituntunin at taripa ng Lungsod, ang Lungsod ay gagawin ang serbisyo na magagamit ng mga naninirahan na nakatugon sa mga pangangailangang iyon.

3.3.2.5 Para sa halagang dapat bayaran sa di-nababayarang account na ipapaubaya, ang naninirahan na nagiging isang kustomer ay kinakailangang magpatotoo na ang di-nababayarang account ng kustomer na nasa talaan ay ang nagpapaupa, manedyer, o ahente ng tirahan. Ang patotoo ay maaaring kabilang ang, ngunit hindi limatado sa, isang kasunduan ng pagpapaupa o pag-upa, mga resibo ng upa, isang dokumeto ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang naninirahan ay umuupa sa pag-aari, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Civil Code.

3.3.3 Kung ang isa (1) o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kaya na akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong isang pisikal na paraang legal na magagamit sa Lungsod na piliin ang pagtatapos ng serbisyo sa mga naninirahan na hindi pa natugunan ang mga pangangailangan ng Lungsod, ang Lungsod ay gagawin ang serbisyo na makuha ng mga naninirahan na nakatugon sa mga pangangailangan ng Lungsod upang maging isang kustomer.

- 3.3.4 Kung ang naunang serbisyo sa isang tagal ng panahon ay isang kondisyon para sa pagtatatag ng kredit sa Lungsod, ang tirahan at katibayan ng takdang panahon sa pagbabayad ng upa o iba pang mga obligasyon sa kredit para sa panahong iyon ay maaaring kailanganin upang itatag na ang account ng isang kustomer para sa tirahan ay sumasailalim sa pagputol ng serbisyo.
- 3.3.5 Sinumang naninirahan na nagiging kustomer ng Lungsod alinsunod sa seksiyong ito, na ang mga pana-panahong pagbabayad, gaya ng bayad sa pag-upa, kabilang ang mga pagbabago sa pantahanang serbisyo sa tubig, kung saan ang mga singil ay hindi hiwalay na sinasabi, ay maaaring bawasan mula sa pana-panahong pagbabayad sa bawat panahon ng bayad ang lahat ng makatwirang singil na binayad sa Lungsod para sa mga serbisyong iyon sa panahon ng nauunang bayad. Ang Lungsod ay hindi responsable para sa gayong mga pagbawas at ang gayong mga pagbawas ay nananatiling iisang bagay sa pagitan ng naninirahan sa tirahan at sa tao kung kanino ginagawa ang mga pangunahing pagbabayad.

3.4 Mga Di-nababayaran Bayarin at Singilin

- 3.4.1 Kung ang bayad ay hindi natanggap ng 3:00 PM sa takdang petsa ng pagbayad na nakalagay sa singilin ng tubig, ang gayong singilin ay ituturing na di-nababayaran.
- 3.4.2 Magtatasa ng bayarin kung ang bayad sa singil sa tubig ay hindi natanggap ng 3:00 PM sa ika-dalawampu't siyam (29th) na araw pagkatapos ng takdang petsa ng pagbayad.
- 3.4.3 Ang mga bayarin na kaugnay sa pagiging atrasado ay sinasakop ng pinagtibay ng Lungsod na iskedyul ng bayad.
- 3.4.4 Ang kustomer ay responsable para sa pagbibigay sa Lungsod ng naisapanahong kontak na impormasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa mailing address, numero ng telepono, at email address. Hindi inaako ng Lungsod ang responsibilidad kung ang impormasyon ay hindi napanatiling naisapanahon.
- 3.4.5 Ang kustomer ay responsable para sa mga pagbabayad sa takdang panahon. Ang pagkabigong matanggap ang isang singilin ay hindi dahilan na mapatawad ang bayarin kaugnay sa pagiging atrasado, o pagbabago sa takdang panahon na nakabalangkas sa seksiyon 3.3 ng polisiyang ito.

3.5 Muling Pagkakabit ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig

- 3.5.1 Kapag naputulan ang isang kustomer ng pantahanang serbisyo sa tubig alinsunod sa Polisiyang ito, dapat bayaran ng kustomer ang sumusunod bago ng 3:00 PM, maliban sa mga araw na walang operasyon, sa araw na nais nilang buksan ang serbisyo ng tubig:
 - 3.5.1.1 Lahat ng di-nababayaran mga singilin at bayarin
 - 3.5.1.2 Ang bayad sa pagbukas / pagsara ng serbisyo sa tubig na pinagtibay sa pamamagitan ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod

at inilarawan sa iskedyul ng Lungsod sa pagbabayad (UT-02).

3.5.1.3 Deposito sa halagang isang daan at limampung (150) dolyar.

- o Pagkaraan ng dalawampu't apat (24) na sunod-sunod na napapanahong pagbabayad, o kapag ang serbisyo ay tinatapos ng kustomer, at hindi nahuli sa pagbabayad ang account, ang deposito ay gagamitin sa account.

3.5.2 Magsisikap ang Lungsod sa muling pagkakabit ng serbisyo sa lalong madaling panahong maisasagawa pagkaraang matanggap ang bayad alinsunod sa seksiyong ito.

3.6 Mga Kustomer na Mababa ang Kita na Mayroong mga Pangangailangang Medikal para sa Tubig

3.6.1 Ang Lungsod ay hindi puputulin ang pantahanang serbisyo sa kustomer dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng sumusunod na mga kondisyon ay matutugunan:

3.6.1.1 Nagpapasa ang kustomer sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang tagapagkaloob ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga, ayon sa pakahulugan sa California Welfare and Institutions Code 14088(1)(A), na ang pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig ay pagbabanta sa buhay, o nagdudulot ng isang malubhang banta, sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente na nasa paligid kung saan ipinagkakaloob ang pantahanang serbisyo.

3.6.1.2 Nagpapamalas ang kustomer na siya ay walang kakayahang pinansiyal na magbayad sa pantahanang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na ikot ng pagsingil ng Lungsod. Para maging kuwalipikado bilang walang kakayahang pinansiyal na magbayad sa pantahanang serbisyo sa loob ng normal na ikot ng pagsingil, ang kustomer o isang miyembro ng sambahayan na pinagsisilbihan ay dapat kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang kustomer ay dapat magpahayag na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa dalawang daang (200) porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

3.6.1.3 Ang kustomer ay handang pumasok sa isang pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad ayon sa pakahulugan sa seksiyon 3.1 ng polisiya.

3.6.2 Kung matutugunan ang lahat ng kondisyong itinakda sa mga seksiyon 3.6.1.1 hanggang 3.6.1.3, at isang plano ng alternatibong pagbabayad ang naitatag na, ang pantahanang serbisyo sa tubig ay maaaring putulin nang hindi mas maaga sa limang (5) araw ng trabaho pagkatapos na ipaskil ng Lungsod ang pinal na paunawa ng layon na putulin ang serbisyo sa isang kapansin-pansing lugar sa pag-aari sa ilalim ng alinman sa sumusunod na pangyayari:

- 3.6.2.1 Nabibigo ang kustomer na sumunod sa pagbabayad ng amortisasyon o pagpapaliban para sa animnapung (60) araw o higit pa.
- 3.6.2.2 Habang isinasagawa ang pagsasaayos ng alternatibong pagbabayad, ang kustomer ay hindi binabayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil sa pantahanang serbisyo para sa animnapung (60) araw o higit pa.
- 3.6.3 Kung matutugunan ang lahat ng kondisyong nakalista sa mga seksiyon 3.6.1.1 hanggang 3.6.1.3:
 - 3.6.3.1 Alinsunod sa seksiyon 116914(a)(1) ng California Health and Safety Code, ang bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo sa panahon ng normal na mga oras ng operasyon ay pagpapasiyahan ng iskedyul ng bayad sa Lungsod (SMC 13.04.120), ngunit hindi hihigit sa limampung (50) dolyar, kasama ang taunang mga pagtatama para ilarawan ang mga pagbabago sa Consumer Price Index simula ng Enero 1, 2021.
 - 3.6.3.2 Alinsinod sa seksiyon 116914(a)(1) ng California Health and Safety Code, ang bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo sa labas ng normal na mga oras ng operasyon ay pagpapasiyahan ng iskedyul ng bayad sa Lungsod (SMC 13.04.120), ngunit hindi hihigit sa isang daan at limampung (150) dolyar, kasama ang taunang mga pagtatama para ilarawan ang mga pagbabago sa Consumer Price Index simula ng Enero 1, 2021.

3.7 Bumalik na mga Bayad para sa mga Naunang Pagputol ng Serbisyo

- 3.7.1 Kung ang bayad para sa muling pagkakabit ng serbisyo sa tubig ay bumalik o pinawalang-bisa sa anumang dahilan, ang Lungsod ay maaaring putulin kaagad ang pantahanang serbisyo sa tubig nang walang binibigay na karagdagang paunawa.
- 3.7.2 Kung ang bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo ay bumalik o pinawalang-bisa sa anumang dahilan, lahat ng susunod na mga pagbabayad para sa account ay kinakailangang cash o sertipikadong pondo, para sa labindalawang (12) buwan mula sa petsa ng bumalik na bayad. Ang mga pagbabayad sa credit card ay maaaring tanggapin na paraan sa alternatibong pagbabayad ayon sa pagpapasiya ng Lungsod.

3.8 Taunang Pag-uulat

- 3.8.1 Ang Lungsod ay mag-uulat taun-taon sa website ng Lungsod at sa State Water Resources Control Board, ang bilang ng mga pagputol ng serbisyong pantahanan na resulta ng hindi pagbabayad.

3.9 Pagkakahiwalay

- 3.9.1 Ang mga titulo, seksiyon, subseksiyon, talata, pangungusap, sugnay at parirala ng polisiyang ito ay maaaring mahiwalay. Kung ipapahayag ang

anuman na hindi pag-ayon sa konstitusyon, walang-bisa o hindi maipapatupad ng isang korte, ang pagpapasiyang iyon ay hindi magkakaroon ng epekto sa mga natitirang probisyon.

3.10 Hindi Awtorisadong Pagkilos

- 3.10.1 Ang Polisiyang ito ay umiiral lamang sa pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad. Ang Polisiyang ito ay hindi naaangkop sa pagtapos ng Lungsod sa serbisyo ng koneksyon dahil sa hindi awtorisado o kapabayaang pagkilos ng isang kustomer, o kung sakaling magkaroon ng emerhensiya (Tingnan SMC 13.04.251; 13.04.090).